To: Filipino-Canadians of Saskatoon

In light of the Covid-19 pandemic, FILCAS takes responsibility in the safety of our staff, volunteers, clients, and the community as a whole. In consultation with the Ministry of Immigration and Career Training and being aware of the Ministry of Health recommendations, FILCAS will be closed for in-person clients effective immediately and until further notice.

Newly arrived immigrants and OFWs, who have questions about settlement services, can call our settlement advisors as follows:

- Beth Dickhoff – 306-717-1631 Email: filcasbdickhoffsaskatoon@gmail.com
- Isabel Aguilera – please leave a message at FILCAS office voicemail **306-653-4499** or email your inquiries to filcas@sasktel.net

If you are inquiring about Philippine passport renewal, the Philippine Embassy in Ottawa https://ottawape.dfa.gov.ph/ has tentatively scheduled outreach in Saskatoon in late July 2020. This will be finalized closer to the date and any changes will depend on the Covid-19 impact.

Philippine passport renewal can also be applied at the Philippine Consulate General's office in Calgary and only done by appointments. Again, please contact them ahead of time prior to driving to Calgary. You can check their website for details→ philcongencalgary.org. For documents to be used in the Philippines, you can refer to the guidelines in PCG Calgary webpage → https://www.philcongencalgary.org/notarials-and-legalization. If you wish to utilize the Notary Public at FILCAS, this can be arranged by sending an email to→ filcas@sasktel.net Note that documents can be signed in front of any Notary Public in the province wherever you are residing. Consul General Zaldy Patron expresses the consulates concern about OFW who may have tested positive or has Covid-19. Please let me know, and I will pass on the information to Consul General Patron.

We have included here the link to Saskatchewan's Ministry of Health page about Covid-19, and we encourage that we educate ourselves for our safety and that of our family's. www.saskatchewan.ca/COVID19.

Other Filipino community events including Philippines Festival, Kalayaan 2020, KFE registration and practices, Philippines Pavilion at Folkfest 2020, etc., are being put on hold until further notice. The Filipino Heritage School has been cancelled for the rest of this school year. For Filipino language instruction inquiries in the next school year, please email filipinoheritageschool@gmail.com. View their progress and updates at https://www.facebook.com/FilipinoHeritageSchoolSaskatoon.

On behalf of the Filipino-Canadian Association of Saskatoon, Inc., I invite you to take this opportunity to be accountable of our actions and contribute to the safety and wellness of our community by following guidelines and recommendations from our health providers. As much as we all miss our family and friends' get-together, please remember to be safe at all times. Feel free to contact me if you have further questions.

Thank you!

Sincerely,

Felicitas Santos-Vargas
FILCAS President Cell: 306-292-6452 Email: president@filcas.ca

Tagalog version next page

Sa ating mga kababayan!

Sa kasalukuyang sitwasyon na dala ng pandemyang Covid-19, minarapat na maging responsible ang FILCAS para sa kaligtasan ng ating mga kawani, volunteers, kliyente, at kumunidad. Sa aking pagsangguni sa Ministry of Immigration and Career Training at sa mga rekomendasyon ng Ministry of Health, and mga kawani ng FILCAS ay pansamantalang titigil na makipag-meeting ng harapan sa mga kliyente mula ngayon at iaanunsyo kung magkakaroon ng pagbabago.

Ang mga bagong dating na imigrante at mga manggagawang Pilipino na may mga katanungan at nangangailangan ng serbisyo tungkol sa pamumuhay dito sa Saskatoon ay maaaring sumangguni sa mga sumusunod na settlement advisers:

- *Beth Dickhoff – Tel: 306-717-1631 Email: filcasbdickhoffsaskatoon@gmail.com*
- *Isabel Aguilera – mag-iwan lamang ng mensahe sa FILCAS voicemail* 306-653-4499 *o kaya ay mag email sa filcas@sasktel.net*

Kung kayo naman po ay may katanungan tungkol sa pagpapa-renew ng inyong pasaporte ng Pilipinas, pwede po kayong sumagguni sa Philippine Embassy sa Ottawa https://ottawape.dfa.gov.ph/. Mayroon po silang plano na pumunta dito sa Saskatoon sa huling linggo ng Hulyo, 2020, subalit maaaring mabago depende sa sitwasyon ng Covid-19.

Pwede din po kayong magpa-renew sa Philippine Consulate General sa Calgary—magbook po kayo online sa kanilang website philcongencalgary.org. Siguraduhin lamang po na bukas sila para hindi masayang ang inyong pagod at byahe sa Calgary. Para naman po sa mga dokumento na kailangan sa Pilipinas, sundin lamang po ang kanilang pamamaraan na matatagpuan sa kanilang webpage. https://www.philcongencalgary.org/notarials-and-legalization. Ito po ay nangangailangan ng pirma ninyo sa harap ng Notaryo Publiko sa inyong kinaroroonan. Kung gusto po ninyong matulungan kayo ng ating notaryo publiko sa FILCAS, kayo po ay makipag-appointment sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa filcas@sasktel.net Para po sa inyong kaalaman, kahit na sinong notaryo publiko ay pwede ninyong lapitan para sa pirmahan. Ipinababatid din po ni Consul General Zaldy Patron na ipag-bigay alam po sa konsulado ang sinumang OFW na dinapuan ng Covid-19. Pwede nyo po akong kontakin at ipapasa ko kay ConGen Patron ang impormasyon.

Narito din po ang website ng Sakatchewan Ministry of Health na may impormasyon tungkol sa Covid-19. Hinihikayat po namin kayo na pag-aralan natin ang mga importanteng kaalaman tungkol sa epidemyang ito para sa kaligtasan natin at ng ating pamilya. www.saskatchewan.ca/COVID19

Ang iba pang mga aktibidad ng ating kumunidad katulad ng Philippines Festival, Kalayaan 2020, KFE registration at mga praktis, preparasyon para sa Philippines pavilion sa Fokfest 2020, at iba pa, ay kasalukuyang naka-tigil hanggang magkaroon ng pagbabago ang ating sitwasyon. Ganun din ang pagtigil na ng pag-aaral ng Tagalog ng Filipino Heritage School para sa taong ito. Kung may tanong po kayo tungkol dito ay pwedeng magpadala ng email sa filipinoheritageschool@gmail.com at ang kanilang update at mga aktibidades ay makikita sa https://www.facebook.com/FilipinoHeritageSchoolSaskatoon.

Sa ngalan ng Filipino-Canadian Association of Saskatoon, inc.; kayo po ay iniimbita ko na gawin ang ang ating responsibilidad na maging pananagutan natin ang kaligtasan at kagalingan ng ating kumunidad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga rekomendasyon ng ating mga health providers. Alam ko pa na miss na natin ang pasasalu-salo ng ating mga kapamilya at mga kaibigan, pero tandaan po natin na napaka-importante ang pagiging ligtas tayo sa lahat ng oras. Mangyari lamang pong makipag-ugnayan sa akin kung kayo po ay may iba pang katanungan.

Salamat po!

Ang inyo pong abang lingcod,

Felicitas Santos-Vargas
Pangulo ng FILCAS Cell: 306-292-6452 Email: president@filcas.ca